

# Protektahan ang Inyong Sarili mula sa Mga Panganib ng Debris



## PARA SA MGA RESIDENTE NG MAUI NA NAAPEKTUHAN NG MGA WILDFIRE

Ang mga nasunog na lugar ay mapanganib. Pinapayuhan ng Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health, DOH) ng Hawai'i na iwasan ang mga nasunog na lugar hanggang sa ito ay malinis mula sa mga mapanganib na materyales at abo ng istruktura. Pumasok sa inyong sariling kapanganiban.

Mangyaring gawin ang mga kinakailangang pag-iingat para maprotektahan ang inyong sarili at ang inyong mga mahal sa buhay. Kung masama ang inyong pakiramdam o may mga bagong sintomas sa kalusugan, mangyaring magpatingin sa doktor.

**Ang mga bata at buntis ay nasa mas mataas na panganib mula sa mga panganib ng debris at hindi dapat tumulong sa mga pagsisikap sa paglilinis.**

### Protektahan ang inyong sarili

Ang mga nasa wastong gulang ay dapat magsuot ng pang-proteksyong face mask, goggles at guwantes, long-sleeve, pantalon, medyas at sapatos para maiwasan ang pagkakadikit ng balat sa abo. Hindi kayo mapoprotektahan ng mga telang mask mula sa abo. Sa halip, inirerekomenda ng DOH ang pagsusuot ng masikip na respirator mask - hanapin ang mga salitang NIOSH o N95 na naka-print sa mask.

Tandaan, walang mask ang mabisa maliban kung ito ay isinuot nang maayos.

Inirerekomenda namin ang pagpapalit ng damit bago makipag-ugnayan sa mga pangkat tulad ng mga bata, mga buntis, mga taong may hika o COPD, at mga matatanda.

### Abo

Ang abo ay maaaring maging sanhi ng pangangati ng balat, ilong, at lalamunan, at maaaring maging sanhi ng pag-ubo. Ang abo at alikabok (lalo na mula sa mga nasunog na gusali) ay maaaring naglalaman ng mga nakakalason at nakakakanser na mga kemikal kabilang ang asbestos, lead, at arsenic.

### Mga butas ng abo

Ang mga butas ng abo ay mga butas na puno ng mainit na abo, na ginawa ng mga nasunog na puno at tuod. Ang pagkahulog sa mga hukay ng abo o paglapag sa mga ito gamit ang inyong mga kamay o paa ay maaaring magdulot ng malubhang pagkasunog.

### Paglilinis ng abo

Iwasang mapunta ang abo sa mga storm drain. Huwag gumamit ng mga vacuum o leaf blower na magtutulak ng mas maraming abo sa hangin.

### Debris

Ang basag na salamin, nakalitaw na mga kable ng kuryente ("buhay" man o hindi), mga pako, kahoy, metal, plastik, at iba pang solidong bagay na karaniwang makikita sa mga lugar na sinira ng sunog ay maaaring magdulot ng mga sugat, hiwa, pinsala mula sa kuryente, at paso dahil sa nasusunog na materyales. Mangyaring mag-ingat.

### Mga tangke ng propane

Panatilihin ang ligtas na distansya mula sa anumang tangke ng propane na maaaring naapektuhan ng init o apoy.

### Mga natitirang istruktura

Ang mga hindi matatag na gusali at istruktura ay maaaring gumuhog at magdulot ng pinsala. Mangyaring kumunsulta sa mga awtoridad bago pumasok sa anumang natitirang istruktura.

### Mga nakaimbak na materyales

Ang mga lalagyan ay maaaring gumalaw sa hindi matatag na mga posisyon at nasa panganib na mahulog at magdulot ng mga pinsala. Mangyaring lumapit nang may pag-iingat.

### Mga bagay na nasagip

Anumang bagay na makikita na maaari pang iligtas ay dapat hugasan nang mabuti gamit ang malinis na tubig at sabon.

## MAY MGA TANONG?

Hawai'i Poison Control Center: 1-800-222-1222

[health.hawaii.gov/mauiwildfires](http://health.hawaii.gov/mauiwildfires)

**MANGYARING SUNDIN ANG LAHAT NG MGA TAGUBILIN MULA SA MGA LOKAL NA AWTORIDAD.**



# Payo ng Panganib para sa mga Ari-arian sa Nasunog na Lugar



## PARA SA MGA RESIDENTE NG MAUI NA NAAPEKTUHAN NG MGA WILDFIRE

Ang mga nasunog na lugar ay mapanganib. Pinapayuhan ng Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health, DOH) ng Hawai'i na iwasan ang mga nasunog na lugar hanggang sa ito ay malinis mula sa mga mapanganib na materyales at abo ng istruktura. Pumasok sa inyong sariling kapanganiban.

Mangyaring gawin ang mga kinakailangang pag-iingat para maprotektahan ang inyong sarili at ang inyong mga mahal sa buhay. Kung masama ang inyong pakiramdam o may mga bagong sintomas sa kalusugan, mangyaring magpatingin sa doktor.

**Maaari kayong makatagpo ng mga mapanganib na kondisyon o malantad sa mga nakakalasang materyales. Magsuot ng kagamitang pang-proteksyon at bawasan ang tagal ng inyong pagkakalantad.**

### **Protektahan Ang Inyong Sarili**

Ang mga nasa wastong gulang ay dapat magsuot ng pang-proteksyong face mask, goggles at guwantes, long-sleeve, pantalon, medyas at sapatos para maiwasan ang pagkakadikit ng balat sa abo. Hindi kayo mapoprotektahan ng mga telang mask mula sa abo. Sa halip, inirerekomenda ng DOH ang pagsusuot ng masikip na respirator mask - hanapin ang mga salitang NIOSH o N95 na naka-print sa mask. Tandaan, walang mask ang mabisa maliban kung ito ay isinuot nang maayos.

### **Bawasan ang Pagkakalantad sa Abo at Mapanganib na Materyales**

Maaaring kabilang sa mga debris at abo ang lead, asbestos, arsenic o iba pang mapanganib na materyales. Ang alikabok, dumi, at uling ay maaaring maging mapunta sa hangin at malanghap. Ang iba pang mabibigat na metal at kemikal ay maaari ring nasa abo pagkatapos ng isang wildfire at maaaring magdulot ng panganib.

Bawasan ang inyong pagkakalantad sa mga panganib sa pamamagitan ng mga aksyong magpoprotekta sa inyong sarili. Inirerekomenda namin ang pagpapalit ng damit bago makipag-ugnayan sa mga pangkat tulad ng mga bata, mga buntis, mga taong may hika o COPD, at mga matatanda. Ang mga bata at mga buntis ay hindi dapat malantad sa abo at debris ng wildfire.

### **Huwag Alisin Ang Abo o Debris**

Huwag itapon ang abo o debris sa mga landfill, sa mga basurahan, o sa mga istasyon ng paglilipat. Ang pag-alis ng mga mapanganib na materyal ay dapat isagawa sa kaalaman ng mga awtoridad.

### **Magkaroon ng kamalayan sa mga Puno, Linya ng Kuryente, o Iba Pang Panganib**

Ang mga puno ay maaaring tukuyin bilang mga panganib dahil sa sunog. Kahit na hindi pa naibabalik ang kuryente sa inyong komunidad, dapat na iwasan pa rin ang mga naputol na linya ng kuryente. Ang mga hindi matatag na gusali at istruktura ay maaaring gumuho at magdulot ng pinsala. Kung matukoy ninyo na ang isang lugar ay hindi ligtas, umalis at iulat ang panganib sa mga emerhensiya.

## **MAY MGA TANONG?**

Hawai'i Poison Control Center: 1-800-222-1222  
[health.hawaii.gov/mauiwildfires](https://health.hawaii.gov/mauiwildfires)

**MANGYARING SUNDIN ANG LAHAT NG MGA TAGUBILIN MULA SA MGA LOKAL NA AWTORIDAD.**

